# MGA GRANT PARA SA MAKAKALIKASANG IMPRASTRUKTURA PARA SA MGA TAHANAN
## (GREEN INFRASTRUCTURE GRANTS FOR HOMES)

Isang pilot program para kontrolin ang tubig-ulan sa mga residensyal na property

## FACTSHEET NG PILOT PROGRAM

### *Ano ang Programang Mga Grant para sa Makakalikasang Imprastruktura para sa Mga Tahanan?*

Pinalawak ng San Francisco Public Utilities Commission (SFPUC) ang pilot program nito para makapagbigay ng grant funding para sa mga makakalikasang proyekto sa imprastruktura sa mga residensyal na property. Layunin ng pilot program na mabawasan ang dami ng tubig-ulan na pumapasok sa sewer system at mapababa ang service charge sa sewer ng customer para sa tubig-ulan.

### *Ano ang pinopondohan ng programang Mga Grant para sa Makakalikasang Imprastruktura para sa Mga Tahanan?*

Magbibigay ang Pilot Program na ito ng pondo sa mga kuwalipikadong aplikante para sagutin ang mga gastusin sa pagdidisenyo at paggawa ng aprubadong makakalikasang proyekto sa imprastruktura. Posibleng kasama sa mga uri ng proyekto ang mga rain garden, permeable pavement, mga infiltration trench, at mga tangke sa pagkolekta ng tubig-ulan.

### *Paano ko malalaman kung kuwalipikado akong mag-apply?*

Limitado lang ang dami ng proyektong tatanggapin ng SFPUC sa mga piling komunidad. Para maging kuwalipikado, ang proyekto ay dapat nasa isang residensyal na property sa San Francisco na:

1. Nasa (4) na Kuwalipikadong Zip Code: **94122, 94116, 94124, at 94134**
2. Isang single-family home o maliit na apartment na may 6 na unit pababa
3. Sineserbisyuhan ng isang aktibong SFPUC account para sa tubig at sewer

### ANO ANG MAKAKALIKASANG IMPRASTRUKTURA?

Sa makakalikasang imprastruktura, sinasamantala ang mga natural na proseso ng mga lupa at halaman para pabagalin ang daloy ng tubig-ulan at salain ito para maiwasang mapuno ang ating sewer system. Kasama sa ilang halimbawa ng makakalikasang imprastruktura ay **mga rain garden, permeable pavement, mga tangke sa pagkolekta ng tubig-ulan, at mga infiltration trench**.

TANGKE PARA SA TUBIG-ULAN



Participant ng Pilot Program: Tangke sa Pagkolekta ng Tubig-Ulan

PERMEABLE PAVEMENT



Litrato: California Climate Action Now!

### PAANO AKO MAGSISIMULA?

Para alamin pa ang tungkol sa Pilot Program, pakisagutan ang interest form at abangan ang higit pang impormasyon sa kung paano magsusumite ng aplikasyon. Pagkatapos ninyong mag-apply, titingnan ng SFPUC kung kuwalipikado ang inyong property at makikipag-ugnayan sila sa inyo para mag-iskedyul ng pagbisita sa site sa inyong bahay para suriin ang mga oportunidad para sa makakalikasang imprastruktura.

RAIN GARDEN



Participant ng Pilot Program: Tangke sa Pagkolekta ng Tubig-Ulan at Rain Garden

## KARAGDAGANG IMPORMASYON:

Pagkatapos ng pilot program, susuriin ng SFPUC ang posibilidad na maglunsad ng programa sa buong lungsod. Kung may mga tanong kayo, o kung hindi ninyo natutugunan ang mga kinakailangan para maging kuwalipikado pero gusto ninyong maikonsidera para sa mga oportunidad sa susunod, pakisagutan ang aming interest form. Para sa higit pang impormasyon, pakibisita ang sfpuc.gov/programs/grants/green-infrastructure-grants-homes o makipag-ugnayan sa amin sa GIhomes@sfwater.org

**I-scan para Magregister!**

San Francisco Water Power Sewer
Services of the San Francisco Public Utilities Commission

Transform the Storm